
IslamHouse.com

Osoul Center
www.osoulcenter.com



PHILIPPINE
PILIPINO
فلبيني

# ANG LAYUNIN SA PAGLIKHA NG TAO


Tinipon at isinalin sa Filipino (Tagalog) ni

**Ahmad Jibreel Salas**

Sinuri ni

**Mohammad Taha Ali**

# الغرض من خلق الإنسان

إعداد وترجمة

**أحمد جبريل سالاس**

مراجعة

**محمد طه علي**

PHILIPPINE
PILIPINO
فلبيني

ⓒ المكتب التعاوني للدعوة والإرشاد و توعية الجاليات بالربوة، ١٤٤٠هـ

فهرسة مكتبة الملك فهد الوطنية أثناء النشر

سالاس، أحمد جبريل

الغرض من خلق الإنسان. اللغة الفلبينية . / أحمد جبريل سالاس. - الرياض، ١٤٤٠هـ

٥٦ ص، ١٢ سم x ١٦٫٥ سم

ردمك : ١-٢٩-٨٢٤٩-٦٠٣-٩٧٨

١- الوعظ والارشاد ٢- الخلق أ. العنوان

**ديوي ٢١٣ ١٤٤٠/١١٤٦٣**

**رقم الايداع: ١٤٤٠/١١٤٦٣**

**ردمك : ١-٢٩-٨٢٤٩-٦٠٣-٩٧٨**

مركز أصول
OsoulCenter
www.osoulcenter.com

This book has been conceived, prepared and designed by the Osool International Centre. All photos used in the book belong to the Osool Centre. The Centre hereby permits all Sunni Muslims to reprint and publish the book in any method and format on condition that 1) acknowledgement of the Osool Centre is clearly stated on all editions; and 2) no alteration or amendment of the text is introduced without reference to the Osool Centre. In the case of reprinting this book, the Centre strongly recommends maintaining high quality.

+966 11 445 4900

+966 11 497 0126


P.O.BOX 29465 Riyadh 11457

osoul@rabwah.sa

www.osoulcenter.com

بسم الله الرحمن الرحيم

Sa Ngalan ng Allah
Ang Mahabagin,
Ang Maawain



| | |
|---|---|
| ANG PANIMULA | 9 |
| ANG PAGSAMBA AY PARA SA DAKILANG TAGAPAGLIKHA | 19 |
| ANG MGA PROPETA AT ANG KANILANG MENSAHE | 23 |
| ANG KAHULUGAN NG PAGSAMBA | 31 |
| ANG MGA URI NG PAGSAMBA | 35 |
| ANG MGA YUGTO NG BUHAY | 43 |
| ANG WALANG HANGGANG BUHAY | 45 |
| SAMBAHIN AT MAGBALIK-LOOB KA SA IYONG TAGAPAGLIKHA (ALLAH) | 49 |
| ANG HULING PANANALITA | 51 |



# ANG PANIMULA

Sa mundong punung-puno ng diskriminasyon at laganap ang multi-kulturang kalagayan, sadyang bibihira at napakahirap makakita ng mga taong magbibigay ng sandaling pag-iisip tungkol sa buhay at magtangkang hanapin ang katotohanan hinggil sa tunay na layunin ng ating pagkakalikha. Nakalulungkot mang isipin, subali't kapag tinanong mo sa karamihang tao kung ano ang layunin ng ating buhay, sila ay hindi makapagsabi sa makatuwirang pamamaraan kung ano ang kanilang nararapat na kasagutan samantalang ito ay isang pangunahing bagay na nangangailangan ng pagpapahalaga. Sa maraming pagkakataon, sila ay magsasabi lamang kung ano ang kinamulatang sinabi ng iba. O di kaya naman sila ay magsasabi lamang kung ano ang karaniwang inaakala ng iba; kung ano ang kinagisnang sinasabi ng kanilang magulang, o kung ano ang sinasabi ng isang ministro ng simbahan, kung ano ang sinasabi ng guro, o kung ano ang sinasabi ng mga kaibigan at marami pang iba. Ito ay isang katanungan na may iba't ibang kasagutan o katuwiran. Nguni't kung ako ay magtatanong tungkol sa layunin ng pagkain, bakit tayo kumakain? Bawa't isa ay magsasabi ng magkakatulad na kasagutan; ito ay para sa kalusugan sapagka't ito ay nagpapanatili ng buhay. Kung ako

ay magtatanong sa sinuman bakit tayo naghahanap-buhay, sila ay magsasabi rin ng magkakatulad na sagot, sapagka't ito ay isang pangangailangan upang maitaguyod ang ating mga sarili at matugunan ang pangangailangan ng pamilya. Kung ako ay magtatanong sa sinuman bakit tayo natutulog, o umiinom, sila ay magsasabi na ito ay likas na pangangailangan para sa lahat ng tao. Maaari nating sundan pa ng 100 mga katanungan at makakakuha tayo ng magkakatulad o magkakahawig na sagot mula kaninuman sa anupamang wika sa alinmang pook sa mundo. **Walang alinlangan, ito ay napakasimple!** Pagkaraan, bakit nga ba, kapag tinatanong na, ano ang layunin ng buhay, tayo ay nakakukuha ng iba't ibang kasagutan? Iyan ay sapagka't ang mga tao ay nalilito, sadyang hindi nila nalalaman. Sila ay nakalugmok sa kadiliman. At kaysa magsabi sila na **'Hindi ko alam'**, sila ay humahantong sa pagbibigay ng anumang kasagutan na tila ba sila ay naturuang sumagot.

**Ang ating buhay ba sa mundong ito ay para lamang kumain, matulog, magbihis, maghanap-buhay, at magkaroon ng mga materyal na bagay at magpakasaya sa ating mga sarili? Ito ba ang ating layunin? Bakit tayo isinilang? Ano ang layunin ng ating pamumuhay? At ano ang dahilan ng pagkakalikha sa tao?**

Maraming tao ang nakikipagtalo nang walang katibayan. Sila ay hindi naniniwala na mayroon ngang isang Diyos, na wala ring katibayan na ang sanlibutan ay lumitaw

para sa isang mabuting layunin. Mayroong mga tao na nakikipagtalo sa ganitong paraan. At sila ay nagsasabi na maaaring ang mundong ito ay lumitaw nang dahil sa isang pagkakataon lamang. Ang kanilang paniniwalang ito ay hinango sa teorya na kung tawagin ng makabagong agham ay **Big Bang.**[1] Ayon sa teoryang ito, ang kagila-gilalas na sanlibutan kabilang na ang lahat ng kaayusan nito ay inakala nilang lumitaw lamang nang dahil sa isang matinding pagsabog ng isang maliit nguni't makapal at labis na mainit na bagay. Samakatwid, hindi nila isinasaalang-alang na ang Diyos ang Siyang may likha ng sanlibutan bagkus ito ay lumitaw nang kusa sa isang iglap na pagkakataon. At sila ay nakikipagtalo na ang buhay ay walang eksaktong layunin at ikinakatwiran na walang anupaman ang maaaring magpatunay sa pamamagitan ng lohika o ng agham na mayroon nga isang Diyos o isang banal na layunin sa likod ng mundong ito. Sa Banal na Qur'an - binanggit

1 Ito ang paniniwala na sinasabing ang simula ng buong sanlibutan ay sa pamamagitan lamang ng isang matinding pagsabog. Isang cosmological theory ang nagsasabi na ang sanlibutan ay nagsimula halos 20 bilyong taon na ang lumipas mula sa matinding pagsabog ng isang tinatawag na maliit na bagay nagtipon-tipon na lubhang siksik at mainit. Ayon sa paliwanag, ang **Big Bang Theory**, ay siyang kasalukuyang tinatanggap na paniniwala kung paano nagsimula ang sanlibutan.. Ang teoryang big bang ay nagmumungkahi na ang sanlibutan ay dating labis na siksik, at mainit. Ang dating pangyayari, na tinatawag na cosmic explosion ay nagsasabing ang Big bang (pagsabog), ay naganap higit kumulang 13.7 bilyon taon na ang lumipas at simula noon ang sanlibutan ay lumalawak at lumalamig.

ng Dakilang Allah na mayroong mahalagang layunin ang ating buhay:

**{At sa Allah ang pagmamay-ari ng mga kalangitan at ng kalupaan. At ang Allah ang may Ganap na Kapangyarihan sa lahat ng bagay. Katotohanan, sa pagkakalikha sa mga kalangitan at sa kalupaan, at sa pagsasalit-salitan ng gabi at araw, tunay na (ito ay) mga palatandaan para sa mga (taong) may pang-unawa. (Sila ay) yaong nagbibigay alaala sa Allah nang nakatindig, nakaupo at (kahit pa man) nakahiga nang nakatagilid, at nagmumuni-muni sa pagkakalikha sa mga kalangitan at sa kalupaan, (at nagsasabing): "(O) aming Panginoon, hindi Mo nilikha ito nang walang (makabuluhang) layunin. Luwalhati sa Iyo (O Allah)! Iligtas Mo kami sa parusa ng Apoy (sa Impiyerno)}. [Qur'an 3:189-191]**

Ipinahiwatig ng Makapangyarihang Diyos (Allah) ang dakilang layunin ng buhay sa pamamagitan ng pagbibigay-pansin tungkol sa pagkakalikha sa ating mga sarili, sa iba't ibang balangkas at mga bahagi ng katawan ng tao, sa iba't ibang galaw ng tao at kapaligiran. Siya ay nag-utos sa atin na pagtuunan natin ng pansin ang kalangitan, ang pagsasalitan ng gabi at araw, ang himpapawid, ang mga bituin, ang mga libu-libong constellations at pagkaraan ay Kanyang pinukaw ang ating kamalayan at sinabi sa atin, **"Hindi Ko nilikha ang mga ito nang walang (makabuluhang) layunin."** Kapag ating sinusulyapan ang kabuuan ng

kalawakan, inyong nalalaman na ang pagkakayari nito ay sadyang makapangyarihan at ganap (na wala kang makikitang kapintasan o kakulangan), sa madaling salita, ito ay kahanga-hanga.

Pagtuunan natin nang may malalim na pag-iisip ang maikli nguni't malalim at makahulugang salita ng Dakilang Allah. Ginigising nito ang ating likas na karunungan. Sa Banal na Qur'an, Siya ay nagsabi:

**{(At Siya) na lumikha sa pitong kalangitan na magkakasuson,[1] wala kang masusulyapan sa mga nilikha ng Mahabaging (Allah) na di-magkakaugma. Kaya muli mong ibalik ang (iyong) paningin (sa kalangitan): 'May natatanaw ka bang siwang (kahit isang awang)?Pagkaraan, ibalik (mong) muli ang paningin nang makalawang ulit. Ang (iyong) paningin ay magbabalik sa iyo nang hamak[2] at ito ay hapung-hapo[3]}. [Qur'an 67:03-04]**

At ang bagay na likas na makapangyarihan at ganap sa kabuuan ay lagpas sa ating sariling imahinasyon - isang pagpapahiwatig na ito ay hindi nilikha nang walang kabuluhan.

1 Ang isang palapag ng kalangitan ay napapatungan o natatakpan ng isang nasa itaas nito.

2 '**Khasi**' - ayon kay Ibn Abbas, ang 'Khasi' ay hamak o yupapa. (Al Tabari-23:509, Tafsir Ibn Kathir vol 10 pahina 78).

3 '**Hasir** - ayon sa mga mapananaligang paham ng Islam, si Ibn Abbas ay nagsabi na ang Arabik na salitang 'Hasir' ay tumutukoy sa kapaguran o pagkahapo. (Ad-Dhur Al Manthur 8:235 Tafsir Ibn Kathir vol 10, pahina 82).

Sa aking minamahal na mambabasa, nararapat nating itanong sa ating mga sarili ang isa pang katanungan. Kapag nakakita ka ng isang matayog na gusali o kaya ay isang sasakyan, dagliang pumapasok sa isipan natin kung sinong tao o anong kompanya ang gumawa nito. Kapag nakakita ka ng isang dambuhalang eroplano, isang rocket, satellite o malaking barko, naiisip mo rin ang kagila-gilalas na pagkakagawa nito. Kapag nakakita ka ng isang planta ng nuclear na lumulutang at umiinog sa kalawakan o isang "super international airport", ikaw ay ganap na namamangha o nagigilalas sa mga engineering dynamics na ginamit nito. Masasabi nating ito ay sadyang kahanga-hanga. Ang mga ito ay mga bagay lamang na ginawa o niyari mula sa talino ng tao. Nguni't hindi ba higit na kamangha-mangha, kagila-gilalas ang pagkakagawa o pagkakalikha sa tao, ang kabuuang sistema ng katawan nito; ang malawak at masalimuot o maselang sistema ng katawan na patuloy na nananatili rito? Isipin mo ang bagay na nauukol dito. **Isipin mo ang utak**, paano ito nag-iisip, paano ito sumusuri, paano ito nagsasaayos o pumipili, nag-iimbak at nagbubukud-bukod ng mga impormasyon, paano nito kinukuha ang kaalaman, paano nito binibigyang kaibahan at inuuri ang iba't ibang karunungang nalilikom sa loob nito at paano nito napapanatili nang maayos sa bawa't saglit! At ito ay ginagawa nang kusa at palagian. **Isaalang-alang natin ang tungkol sa utak**. Ito ang utak na siyang naging instrumento para makagawa o makabuo ng isang


sopistikadong sasakyan, ng isang pambihirang rocketship. Pagtuunan mo nang malalim na pag-iisip, sino ang lumikha nito? Ito (ang utak) ay isa lamang kapirasong bahagi sa katawan ng tao, subali't ang ginagawa nito ay sadyang kamangha-mangha. **Pagmasdan mo** ang puso ng tao, paano ito patuloy na tumitibok habang buhay sa loob ng 60 o 70 taon, ang pagdaloy, paglabas-masok ng dugo sa buong katawan at pinananatili nito ang pangangalaga sa buong panahon ng buhay ng tao. **Pakaisipin ito.** Tingnan mo ang bato (kidney) at anong kahalagahan ang idinudulot nito sa tao - ito ang siyang instrumentong tagapaglinis ng katawan, na nagsasagawa ng daan-daang pagsusuri ng mga labas-masok na kimiko (chemical) nang sabay-sabay at siya rin ang pumipigil at nangangasiwa sa antas ng dumi (toxicity) sa loob ng katawan. At ito ay naisasagawa at naipatupad din batay sa likas na pagkukusa. **Pagmasdan mo ang mga mata** - ito ang nagsisilbing kamera ng tao sa kanyang katawan - ito ang nag-aayos, nagsusuri, nagpapaliwanag, at naglalagay ng kulay sa ating paningin; ito ay likas na nangangasiwa ng liwanag, ng layo o ng sukat at distansiya ng bawa't paningin. Lahat ay gumagalaw nang ayon sa pagkakalikha. Pakaisipin mo ito! Sino ang lumikha nito? Sino ang ganap na Nakababatid nito? Sino ang nagplano nito? At sino ang nagpapanatili nito? Ang mga tao ba? Hindi! Pagmasdan mo ang buong santinakpan? Ang mundong ito ay ISANG planeta lamang sa ating malawak na Solar System. At ang

ating Solar System ay ISA lamang sa maraming sistema sa buong Milky Way. At ang Milky Way ay isa rin lamang sa mga di-mabilang na nagkukumpulang mga bituin (constellations) sa kalakhang Galaxy na ito. At mayroong milyong bilang ng mga galaxies tulad ng Milky Way. At ang lahat ng mga ito ay nasa ganap na kaayusan. Ang lahat ng ito ay walang kakulangan at walang kapintasan. Hindi sila nagkakabanggaan sa isa't isa. Hindi sila nagkakasalungatan sa isa't isa at sila ay umiinog sa isang ligiran (orbit) na itinakda para sa kanila. Ang tao ba ang nagtakda nang gayong mga paggalaw? Ang tao ba ang nagpapanatili o nangangalaga sa gayong napakalawak na kabuuan at kaayusan? HINDI!

**Pagmasdan mo** ang karagatan, ang mga isda, ang mga gamu-gamo, ang mga kulisap, ang mga ibon, ang mga halaman at ang iba't ibang nagliliitang mga elemento na hindi pa natatagpuan at hindi magawang makita ng alinman sa pinakamahusay o pinakabagong kagamitan. Subali't ang bawa't isa sa mga ito ay mayroong kanya-kanyang ikabubuhay na umaakma sa kani-kanilang pagkalikha, may kanya-kanyang likas na batas na sinusunod.

**{At walang nilikhang gumagala sa kalupaan maliban na nasa Allah ang panustos nito, at Kanyang nababatid ang pinamamamahayanang pook nito at (maging) ang pinagtataguan nito…}. [Qur'an 11:06]**

**Pagmasdan mo** ang buong kalikasan, ang buong kapaligiran! Ang bawa't disenyo nito, ang mga pagkatugma-tugma, ang pagkasunud-sunuran, ang pagkapantay-pantay, ang pananatili, ang paggalaw o paggawa at ang walang hanggang mga bilang ng mga ito, ito ba ay nangyari sa pamamagitan lamang ng isang pagkakataon? At ang mga bagay ba na ito ay gumagalaw nang ganap at patuloy na gumagalaw sa pamamagitan lamang ng pagkakataon? At ang mga ito ba na nananatili sa kanilang sari-sarili ay lumitaw lamang sa pamamagitan ng pagkakataon lamang? Hindi! Kung paano man ito lumitaw, katotohanang ito ay labas na sa makataong kakayahan o katalinuhan ng tao - na sinumang nilikha ay walang kakayahang lumikha at magbigay ng buhay.



# ANG PAGSAMBA AY PARA SA DAKILANG TAGAPAGLIKHA

Ang tagapagdisenyo, tagapaghugis, tagapag-anyo, tagapagsukat, nagbibigay kulay, ay ang Nag-iisang Makapangyarihang Diyos (Allah) na Siyang lumikha ng lahat ng mga ito at Siyang Tagapanatili ng lahat. Siya ang tanging Isa na karapat-dapat bigyan ng tapat na pagsamba, papuri at pasasalamat.

Kung ako ay magbibigay sa bawa't isa sa inyo ng $100 nang walang dahilan, katiyakang kayo ay magbibigay ng pasasalamat sa akin. Paano na ang inyong mga mata, ang inyong utak, ang inyong puso, ang inyong buhay, ang inyong pagsilang, ang inyong mga anak? Sino ang nagbigay sa inyo ng lahat ng mga iyan? Hindi ba Siya karapat-dapat pasalamatan at papurihan? Hindi ba Siya ang nag-iisang karapat-dapat sambahin at kilalanin?

Ang Dakilang Allah ay nagsabi sa Banal na Qur'an:

**{At hindi Ko nilikha ang jinn at tao malibang sila ay sumamba sa Akin (Tanging sa Akin lamang at wala ng iba)}. [Qur'an 51:56]**

Ang talatang nabanggit sa itaas ay nagpapahiwatig sa tao na ang layunin ng ating buhay ay upang kilalanin ang Tagapaglikha, maging mapagpasalamat sa Tagapaglikha, sambahin ang Tagapaglikha, isuko ang ating mga sarili sa Tagapaglikha at sumunod sa Batas na Kanyang pinili para sa atin. Sa kabuuan, ang lahat ng mga ito ay binubuo ng isang kahulugan - **pagsamba** sa Nag-iisang Diyos (Allah). **Ito ang layunin ng ating buhay**. At anuman ang ating ginagawa sa pagsasakatuparan ng pagsamba, ang pamamaraang ito, ang pag-inom, ang pagkain, ang paghahanapbuhay, ang lahat ng mga ito ay mga bunga lamang ng layunin ng ating pagkakalikha.

Sa pagsasagawa ng ating mga pagsamba, tulad halimbawa ng pagdarasal sa araw araw, pagbibigay ng kawanggawa, pag-aayuno at pakikipag-ugnayan sa kapwa, ang gabay ng mga Propeta ay isang mahalagang sangkap para sa wastong pamamaraan ng pagsamba upang sa gayon ang bawa't pagsambang itinagubilin sa atin ay umaayon sa takdang batas ng ating Panginoong Diyos (ang Allah). Ang wastong pamamaran ng pagsamba ay siyang tanging daan upang tayo ay makapagbigay ng lugod at kasiyahan sa Kanya at siya ring daan ng pagkamit ng Kanyang mga biyaya, pagpapala at kapatawaran. Sa maikling salita, ang mga tao bilang alipin ng Nag-iisang Panginoon (ang Allah) ay nararapat na magkakatulad sa pagkilala, sa pagdakila at sa pagpuri sa Kanya, magkakatulad sa paraan

ng pagdarasal at panalangin, magkakatulad sa paraan (at batas) ng pagbibigay ng kawanggawa, magkakatulad sa paraan ng pakikipag-ugnayan at pakikipagkalakalan at marami pang iba. Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

**{At katotohanan, Aming ipinadala sa bawa't pamayanan ang isang sugo (na nag-aanyayang): Sambahin ang Allah (tanging Siya), at iwasan ang (pagsamba sa) mga huwad na diyos}. [Qu'ran 16:36]**

At Siya (ang Dakilang Allah) ay nagsabi rin:

**{At Kami ay hindi nagpadala ng alinmang sugo na una sa iyo (O Muhammad) malibang Kami ay nagpapahayag sa kanya na: Walang diyos maliban sa Akin, kaya Ako ay inyong sambahin (at wala ng iba)}. [Qur'an 21:25]**



# ANG MGA PROPETA AT ANG KANILANG MENSAHE

Tayo ay bumanggit ng mga ilang Propeta ng Diyos (Allah) na kilala at bantog sa sangkatauhan at gayon din, tayo ay kumuha ng mga ilang talata ng Qur'an bilang mga katibayan tungkol sa kanilang pangunahing mensahe para sa lahat ng mga tao sa iba't ibang henerasyon ng kanilang buhay. Sa kabuuan, ang kanilang magkakatulad at nag-iisang mensahe ay kinabibilangan ng mga sumunod:

1. Ang pag-anyaya (o panawagan) sa mga tao upang sambahin ang Nag-iisang Diyos (Allah).
2. Ang pagpapalaganap ng mga alituntunin ng pagsamba.
3. Ang pagbigay ng magagandang balita tungkol sa Paraiso at mga babala tungkol sa Impiyerno.
4. Ang paraan ng paglilinis ng kaluluwa, katawan at kaisipan.
5. Ang wastong paniniwala at pagkilala sa Nag-iisang Diyos (Allah) at sa Kanyang mga Pangalan at mga Katangian.

## Ang Mensahe ni Propeta Nuh (Noah).

**{Katotohanan, Aming ipinadala si Nuh sa kanyang mga mamamayan at siya ay nagsabi: O, aking mga mamamayan, sambahin ninyo ang Allah; wala kayong ibang diyos (na dapat sambahin) maliban sa Kanya. Tunay na aking pinangangambahan para sa inyo ang parusa ng isang Dakilang Araw}. [Qur'an 7:59]**

## Ang Mensahe ni Propeta Hud (Heber).

**{At sa (mga mamamayan ng) Ad (Aming isinugo) ang kanilang kapatid na si Hud. Siya ay nagsabi: O, aking mga mamamayan, sambahin ninyo ang Allah; wala kayong ibang diyos maliban sa Kanya. Hindi ba kayo, kung gayon, natatakot sa Kanya?}. [Qur'an 7:65]**

## Ang Mensahe ni Propeta Salih.

**{At sa (Tribu ng) Thamud (Aming isinugo) ang kanilang kapatid na si Salih. Siya ay nagsabi: "O, aking mga mamamayan, sambahin ninyo ang Allah, wala kayong ibang diyos maliban sa Kanya. Katotohanan, may dumating sa inyong isang malinaw na katibayan mula sa inyong Panginoon. Ang babaing kamelyong ito ng Allah ay isang palatandaan para sa inyo, kaya hayaan itong manginain sa lupa ng Allah at huwag ninyong dudulutan ito ng anumang pananakit, upang hindi kayo datnan ng isang mahapding parusa}. [Qur'an 7:73]**

## Ang Mensahe ni Propeta Shu`aib (Jethro).

**{At sa (mga mamamayan ng) Madyan (Midian) (Aming isinugo) ang kanilang kapatid na si Shu'aib. Siya ay nagsabi: O, aking mga mamamayan, inyong sambahin ang Allah; wala kayong ibang diyos maliban sa Kanya. Katotohanan, may dumating sa inyo na isang malinaw na katibayan mula sa inyong Panginoon, kaya inyong tuparin o ibigay ang tamang sukat at tamang timbang at huwag ninyong bawasan sa mga tao ang mga bagay na nararapat para sa kanila, at huwag kayong gumawa ng katiwalian sa kalupaan pagkaraang ito ay ginawang maayos. Iyan ay nakabubuti para sa inyo kung tunay nga na kayo ay mga (tapat na) naniniwala}. [Qur'an 7:85]**

## Ang Mensahe ni Propeta Ibrahim (Abraham).

**{At (Aming ipinadala) si Ibrahim nang kanyang sinabi sa kanyang mga mamamayan: Sambahin ninyo ang Allah, at Siya ay inyong katakutan. Iyan ay makabubuti para sa inyo, kung (ito) ay inyo lamang nababatid}. [Qur'an 29:16]**

## Ang Mensahe ni Propeta Yusuf (Joseph).

**{O kayong dalawa kong kasamahan sa bilangguan, ang iba't ibang mga panginoon ba ay mas mainam o ang Allah, ang (tanging) Nag-iisa, ang Di-**

**mapaglalabanan? Wala kayong sinasamba bukod sa Kanya (Allah) maliban sa mga pangalan lamang na ipinangalan ninyo sa mga ito at ng inyong mga ninuno, na walang ibinabang kapahintulutan (o batayan) ang Allah para sa mga ito (upang sila ay inyong sambahin). Walang pagbabatas (hukom) maliban para lamang sa Allah. Kanyang ipinag-utos na wala kayong dapat sambahin kundi Siya (lamang). Iyan ang matuwid na relihiyon, nguni't karamihan sa mga tao ay hindi nakababatid (nito)}. [Qur'an 12:39-40]**

## Ang Mensahe ni Propeta Musa (Moises).

**{At nakarating na ba sa iyo ang kasaysayan ni Musa? - Nang siya ay makakita ng apoy, at kanyang sinabi sa kanyang mag-anak: Manatili kayo (rito)! Katotohanang ako ay nakakita ng apoy, baka sakaling ako ay makapagdala sa inyo mula roon ng isang sulo (o tanglaw) o (aking) matagpuan sa apoy ang patnubay. Kaya, nang siya ay makalapit dito (sa apoy), siya ay tinawag: "O Musa!" Katotohanan, Ako ang iyong Panginoon. Kaya, hubarin mo ang iyong sandalyas; katotohanan ikaw ay nasa banal na lambak ng Tuwa. At ikaw (O Musa) ay Aking pinili, kaya, ikaw ay makinig sa anumang ipahahayag (Ko sa iyo). Katotohanan, Ako ang Allah; walang ibang diyos maliban sa Akin. Kaya, (O Musa) Ako ay sambahin mo (tanging Ako) at**

**ikaw ay magsagawa ng pagdarasal bilang pag-alaala sa Akin}. [Qur'an 20:09-14]**

## Ang Mensahe ni Propeta `Isa (Hesus).

**{Katotohanan, tumalikod sa paniniwala yaong mga nagsasabing: Ang Allah ay ang Mesiyas (`Isa) ang anak ni Maryam (Maria). Samantalang ang Mesiyas ay nagsabi: O mga anak ni Israel, inyong sambahin ang Allah, ang aking Panginoon at ang inyong Panginoon. Katotohanan, sinuman ang nagtatambal sa Allah, katiyakang ipagkakait ng Allah ang Paraiso sa kanya at ang Apoy ay kanyang magiging tirahan. At sa mga mapaggawa ng kamalian, sa kanila ay walang makatutulong}. [Qur'an 5:72]**

## Ang Mensahe ni Propeta Muhammad (ﷺ).

Gayundin, si Propeta Muhammad (ﷺ) ay nag-anyaya sa dakilang mensaheng ito sa buong tangway (peninsula) ng Arabia. Siya ay nanawagan sa mga tao para sa pagsamba sa Allah nang walang pagtatambal at pag-aakibat sa Kanya. At siya ay nabigay ng babala laban sa pinakamalaki at pinakamalubhang kasalanan. Siya ay lagi nang nagbibigay ng mga paghahalintulad at mga halimbawa upang ipaliwanag ang mahalagang paniniwalang ito para sa kaligtasan ng kaluluwa. Ang mga kabanata ng Banal na Qur'an ay nagpatunay sa katotohanan nito. At Siya (ang

Dakilang Allah) ay nagpahayag kay Propeta Muhammad (ﷺ) at nagsabing:

**{At Kami ay hindi nagpadala ng alinmang sugo na una sa iyo (O Muhammad) malibang Kami ay nagpapahayag sa kanya na: Walang diyos maliban sa Akin, kaya Ako ay inyong sambahin (at wala ng iba)}. [Qur'an 21:25]**


Si Ibn Abbas (kalugdan nawa siya ng Allah) ay nagsalaysay, **"Nang ipinadala ng Sugo ng Allah (Muhammad ﷺ) si Muad ibn Jabal sa Yemen, siya ay nagsabi sa kanya: "Ikaw ay magtutungo sa mga taong pinagkalooban ng mga Kasulatan, kaya ang unang bagay na iyong ipanawagan sa kanila ay ang pagsaksi (at pagpapahayag) na walang dapat sambahin maliban sa Allah (na sila ay dapat sumamba sa Allah nang bukod-tangi)" [Al-Bukhari-Bilang (7372)]**

Ang Banal na Qur'an ay mahigpit na nagtagubilin na iwasan ang pagsamba bukod sa Allah at iwasan ang pagbibigay ng katambal o pag-aakibat sa Kanya sa anupamang gawaing pagsamba, sapagka't ang lahat ng mga gawain ay magiging walang kabuluhan sa mundong ito at higit sa lahat sa kabilang buhay.

**{At katotohanan, ito ay ipinahayag na sa iyo (O Muhammad) at sa mga (Sugo ng Allah) na nauna sa iyo na kung ikaw ay magtatambal (ng anupaman) sa Allah,**

**ang lahat ng iyong mga gawain ay magiging walang kabuluhan at katiyakan na ikaw ay mapabibilang sa mga talunan (o mga nawalan)}.** [Qur'an 39:65]

**{Kaya, sambahin ang Allah, (maging) matapat sa Kanya sa relihiyon. Walang alinlangan, para sa Allah ang katapatan sa relihiyon}.** [Qur'an 39:02-03]



# ANG KAHULUGAN NG PAGSAMBA

Ang kahulugan o konsepto ng pagsamba sa pananaw ng Islam ay malawak na binubuo ng halos lahat ng bagay o gawain na sumasakop sa buong buhay ng isang tao. Ang kahulugan ay nagpapahiwatig ng ganito: **"Ang pagsamba (Ibadah) ay isang kataga na nakaugnay sa lahat ng mga gawa at salita ng isang tao na ikinasisiya, kinalulugdan o minamahal ng Allah maging ito man ay panlabas o panloob."** Sa madaling salita, ang pagsamba ay sumasakop sa lahat ng bagay na ginagawa o sinasabi ng tao na naglalayong bigyang kasiyahan ang Allah. Ito, samakatwid, ay kinabibilangan o binubuo ng mga ritwal, paniniwala, panlipunang gawain, at pansariling pagpupunyagi para sa kabutihan ng bawa't tao.

Isinasaalang-alang ng Islam ang tao bilang isang nilikhang ganap. Kaya naman, siya ay may tungkuling isuko nang buong ganap ang kanyang sarili sa Allah, sapagka't ang Qur'an ay nag-utos kay Propeta Muhammad (ﷺ) na tumalima sa ganitong kautusan:

**{Sabihin (O Muhammad) ang aking dasal, ang aking pag-aalay, ang aking buhay at ang aking kamatayan ay para**

**lamang sa Allah, ang Panginoon ng lahat ng nilikha; Siya (Allah) ay walang kasama (sa pagiging tanging Diyos) at ito ang ipinag-utos sa akin at ako ang nangunguna sa pagtalima (sa Kanya) bilang Muslim}. [Qur'an 6:162-163]**

At mula sa mga kinikilala, bantog at matatalino at mararangal na itinuturing bilang maalam (iskolar) ng Islam, sila ay nagbigay ng makabuluhang kahulugan ng Ibadah (pagsamba sa Allah).

Sinabi ni Shaikhul-Islam Ibn Taimiyyah (nawa'y kahabagan siya ng Allah): **"Ang Ibadah (pagsamba) ay pagsunod sa Allah sa pamamagitan ng pagsasakatuparan ng anumang Kanyang ipinag-utos sa Kanyang mga sugo."**

Siya ay nagsabi rin: **"Ang Ibadah (pagsamba) ay isang pinagsama-samang kataga para sa lahat ng bagay na minamahal, kinasisiyahan at kinalulugdan ng Allah mula sa mga pananalita at mga gawa ng Kanyang mga alipin (tao) maging panlabas o panloob." [Majmu' al-Fatawa (10/149)]**

Si Ibn al-Qayyim (nawa'y kahabagan siya ng Allah) ay nagsabi**: "Ang Ibadah - (ay) pasasalamat sa Kanya, pagmamahal sa Kanya at pagkatakot sa Kanya." [Madarijus-Salikin (1/109)]**

Mula kay Ibn Kathir (nawa'y kahabagan siya ng Allah) siya ay nagsabi**: "Ang Ibadah (pagsamba) ay pagpapakumbaba (sa Allah). Ito ay isang pagpapahayag ng anumang**

**bunga ng ganap na pagmamahal, takot at pag-asa (sa pagsamba sa Allah).”** **[Tafsir al-Qur’an al-Adhim (7/402)]**

Si Al-Qurtubi (nawa’y kahabagan siya ng Allah) ay nagsabi: **“Ang batayan ng Ibadah (pagsamba): ay pagpapakumbaba ng sarili at pagtalima sa mga tungkulin ng Shari’ah (mga Batas ng Islam) sapagkat ang isang alipin (tao) ay nagtataguyod at nananatili sa pagsasagawa ng mga ito nang may kaakibat na pagsuko at pagpapakumbaba sa Dakilang Allah.”** **[Al-Jami’ Li Ahkamil Qur’an (1/225), at (17/56)]**

Mula sa mga pahayag na ito, ating mapag-aalaman na ang Ibadah (pagsamba) ay mayroong malawak na kahulugan at binubuo ng maraming bagay. At magiging malinaw din para sa inyo na maraming tao ang mayroong mali at pira-pirasong pagkaunawa sa kahulugan ng Ibadah. Karamihan ay nakahangga ang kahulugan ng Ibadah sa pagsubsob ng mukha sa lupa, pagyuko, pag-aayuno, pagsasagawa ng Hajj at iba pang gawain ng pagsamba. Ngunit, ang mga ito ay isa lamang sa mga aspeto ng Ibadah.

Sa diwa, ang salitang Ibadah sa Sunnah at sa kapahayagan (ng Qur’an) ay may tatlong kahulugan:

- pagpapakumbaba, at pagsuko.
- pagsunod at pagtalima.
- at pagsamba.

Ang likas na bunga ng pagsamba, pagpapakumbaba, pagsuko at pagtalima (sa Nag-iisang Diyos, Allah) ay nagpapahiwatig na ang lahat ng gawain ay nararapat na umaayon sa lahat ng kautusan ng Tanging Isang (Diyos) na kung saan ang tao ay inutusang sumuko o tumalima. Ang Islam, bilang isang pamamaraan ng buhay, ay nangangailangan na ang tagasunod nito ay maging huwaran sa kanilang pamumuhay batay sa mga aral ng bawa't aspeto nito maging ito man ay pangrelihiyon o hindi. Ito ay maaaring kakaiba sa pandinig ng ibang tao na ang kaisipan nila tungkol sa relihiyon ay nauukol lamang bilang pansariling ugnayan sa pagitan ng tao at Diyos, na walang kaugnayan sa gawain ng tao sa labas ng mga ritwal. Ang katotohanan nito, ang Islam ay hindi nag-uukol nang higit na pansin sa mga ritwal na gawain kung ang mga ito ay walang naidudulot na kabuluhan sa panloob na buhay ng tao.

# ANG MGA URI NG PAGSAMBA

Ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi sa atin tungkol sa pananampalataya na siyang batayan ng pagsamba, na ito ay binubuo ng higit sa animnapung sangay: ang pangunahing sangay nito ay ang **“Laa ilaaha illallaah,”** (ang kahulugan nito) ay pagpapahayag na walang diyos na dapat sambahin kundi ang Dakilang Allah at ang pinakamababang sangay naman nito ay ang pagtanggal ng anumang sagabal o dumi mula sa mga daraanan ng tao.

Ang paghahanap ng kaalaman ay isa sa pinakamataas na uri ng pagsamba. Ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi sa kanyang mga kasamahan na:

**“Ang paghahanap ng kaalaman ay isang tungkulin ng bawa’t Muslim.” [Ibnu Majah (224)]**

Sa isang Hadith, sinabi niya:

**“Ang pinakamainam sa inyo ay yaong pinag-aralan ang Qur’an at itinuro niya.” [Al-Bukhari (5027)]**

Ang kaaya-aya at magandang panlipunang pakikipag-ugnayan at pakikipagtulungan ay bahagi rin ng pagsamba kung ito ay ginagawa nang dahil sa pagbibigay lugod sa Allah. Isa sa mga pinakadakilang gawain sa paningin ng

Allah, at isa sa mga kinalulugdan ng Mahabaging Allah, at isa sa mga pinakamataas sa antas ng karangalan ay ang pagiging mabait at mapagmalasakit sa mga kapus-palad, mahihirap, mahihina, at maysakit (o may kapansanan), at paglingap sa kanila at pangangalaga sa kanila.

Isinalaysay ni Abu Hurairah (nawa'y kalugdan siya ng Allah) na ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi:

**"Sinuman ang pumawi ng isang kahirapan mula sa isang Muslim, papawiin ng Allah mula sa kanya ang isa sa mga kahirapan ng Araw ng Pagkabuhay-muli. Sinuman ang nagbigay ng kaluwagan (o palugit) para sa isang taong may utang, igagawad sa kanya ng Allah ang kaluwagan sa mundong ito at sa kabilang buhay. Sinuman ang nagtago (o nagkubli) sa kamalian ng isang Muslim sa mundong ito, itatago (o ikukubli) ng Allah sa kanya (ang kanyang mga kamalian) sa mundong ito at sa kabilang buhay. Tutulungan ng Allah ang isang tao hanggang siya ay tumutulong sa kanyang kapatid." [Muslim (2699)]**

Mahalagang banggitin din na maging ang pagsasakatuparan ng mga tungkulin ay itinuturing bilang isang pagsamba. Ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi sa atin na anuman ang ginugol para sa kanyang pamilya ay isang uri ng kawanggawa; siya ay gagantimpalaan kung ito ay nagmula sa paraang pinahintulutan. Ang kabaitan sa pamilya ay isang gawang

pagsamba maging ang pagsubo ng kapirasong pagkain sa bibig ng asawa, at ito ang sinabi ng Propeta (ﷺ) sa atin. Ang anumang gawaing kinalulugdan at ikinasisiya ay itinuturing na gawang pagsamba kung ito ay ginagawa ayon sa aral ng Propeta. Ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi sa kanyang mga kasamahan na sila ay gagantimpalaan kahit sa pakikipagtalik sa kanilang mga asawa. Ang mga kasamahan ng Propeta (ﷺ) ay nagulat at nagtanong. **"Paano kami gagantimpalaan sa bagay na aming ikinasisiya?"** Ang Propeta (ﷺ) ay nagtanong sa kanila:

**"Halimbawang ang iyong pagnanasang sekswal ay ginawa mo sa paraang ipinagbabawal, palagay mo ba ay hindi ka parurusahan? Sila ay sumagot ng "Oo, kami ay parurusahan."**

Ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi: **"Kaya, ang inyong pagnanasa na isinagawa sa paraang pinahihintulutan ay ginagantimpalaan." [Muslim]**

Samakatuwid, ito ay mga gawaing pagsamba. Kaya, sa pananaw ng Islam, ang pakikipagtalik ay hindi isang maruming bagay na dapat iwasan. Nagiging marumi at kasalanan lamang ito kung isinagawa sa labas ng (sagradong batas ng) pag-aasawa.

Maliwanag sa mga naunang talakayan na ang konsepto o kahulugan ng pagsamba sa Islam ay malawak na binubuo at kinabibilangan ng lahat ng mabuti at makabuluhang gawain

ng isang tao. Itinataguyod nito ang makataong pamumuhay sa lahat ng antas: ang pansarili, panlipunan, pangkabuhayan, politikal at ispiritwal. Kaya, ang Islam ay nagbibigay ng patnubay maging sa pinakamaliit na detalye ng buhay ng tao sa lahat ng kalagayan nito. Ang pagsunod sa detalyeng ito ay tanda ng pagsunod sa mga aral ng Islam sa naturang kasakupan. Ito ay isang sangkap na labis na nakapagbibigay sigla kung ating nauunawaan na ang lahat ng gawain ay isinasaalang-alang (at itinuturing) ng Makapangyarihang Diyos (Allah) bilang mga gawang pagsamba. Ito ay nagbibigay daan sa tao upang hangarin (o hanapin) niya ang kasiyahan ng Allah sa pamamagitan ng pagiging tapat sa kanyang mga gawain at laging nagtatangkang gawin ang mga ito sa pinakamahusay na pamamaraan maging siya man ay nasa ilalim ng pagmamasid ng kanyang pinaglilingkuran o kaya ay nag-iisa lamang. Sa gayon, ang tao ay nakababatid na mayroon laging Isang permanenteng Tagapagmasid, na nakaaalam ng lahat ng bagay, ito ay ang Makapangyarihang Diyos, ang Allah.

Ang pagtalakay ng mga di-ritwal na gawaing pagsamba sa Islam ay hindi naman nangangahulugan na walang pagpapahalaga sa mga ritwal na gawain. Ang katotohanan nito, ang mga ritwal na pagsamba na kung isinasagawa sa tunay na diwa nito ay nagdudulot ng mataas na moral at ispirituwal na kaunlaran at naitataguyod ng tao sa maayos na paraan ang kanyang mga gawain sa lahat ng kalakaran

ng buhay batay sa Patnubay ng Diyos. Sa lahat ng mga ritwal na pagsamba, ang Salah (pagdarasal) ay sumasakop sa pangunahing bahagi sa pang-araw araw na buhay ng tao at ito ay batay sa dalawang kadahilanan. Una, ito ang palatandaan ng isang (tunay at tapat na) naniniwala. Ikalawa, ito ang pumipigil sa tao mula sa mga kasuklam-suklam at masamang bisyo sa pamamagitan nang tuwirang pakikipag-ugnayan sa kanyang Tagapaglikha nang limang ulit sa isang araw.

Katunayan, ang Salah ang unang praktikal na patunay ng paniniwala at ito ang pangunahing patakaran upang makamtan ng isang tunay na naniniwala ang tagumpay.

Pagkaraan ng pagdarasal (Salah), ang Zakat (kawanggawa para sa mga dukha at mahihirap) ay isang mahalagang haligi ng Islam. Sa Banal na Qur'an, ang Salah at Zakat ay halos sabay o magkasamang binabanggit. Katulad ng Salah, ang Zakat ay isang malinaw na patunay ng pagkakaroon ng (tunay na) pananampalataya sa Diyos at ito ay nagpapahiwatig na ang Diyos ang Siyang tanging nagmamay-ari ng lahat ng bagay dito sa buong sanlibutan, at anumang pinanghahawakan ng tao ay isa lamang "tiwala" na ipinagkaloob ng Allah sa kanilang mga kamay na kung saan sila ay ginawang katiwala ng Diyos upang sa gayon ay tuparin ito ayon sa Kanyang itinakda.

Sa ganitong kalagayan, ang Zakat ay isang gawang pagsamba

katulad ng pagdarasal, at nagiging daan sa isang naniniwala upang mapalapit nang higit sa kanyang Panginoon. Bukod pa rito, ang Zakat ay isang paraan ng pamamahagi ng kayamanan upang pawiin ang agwat ng pagkakaiba na namamagitan sa iba't ibang uri at pangkat ng tao. Ito ay nagbibigay ng pantay na pakikipagtulungan upang magkaroon ng panlipunang katatagan. Pinapawi nito ang kaluluwa ng mga mayayaman mula sa kasakiman (o karamutan) at ang kaluluwa naman ng isang mahirap mula sa inggit at suklam laban sa lipunan, pinipigil nito ang daan tungo sa pagkamuhi at tinatangkang paunlarin ang ugnayang-pagkakapatiran at pagkakaisa sa bawa't isa. Ang gayong katatagan ay hindi lamang nakasalalay sa pansariling damdamin ng mga mayayaman: (higit sa lahat) ito ay nakatayo sa matatag na karapatan (ng bawa't dukha na) kung ito ay talikdan man o ipagkait ng mayayaman, ito ay maaaring kuhanin nang sapilitan sa panig ng mga kinauukulan, kung kinakailangan (sapagka't ito ay isang tungkuling itinakda ng Allah).

Ang pag-aayuno (sa buwan ng Ramadhan) ay isa pang haligi ng Islam. Ang pangunahing layunin ng pag-aayuno ay upang gawing dalisay ang Muslim sa kanyang "panloob' sapagka't ang ibang aspeto ng Shari'ah (Batas ng Islam) ay naglilinis naman sa kanyang panlabas. At dahil sa gayong kalinisan at kadalisayan, siya ay nakatutugon sa anumang katotohanan at kabutihan at tinatalikdan naman kung ano ang kasinungalingan at kasamaan.

**{O kayong mga naniwala, ang pag-aayuno[1] ay ipinag-utos sa inyo tulad ng pagka-utos sa mga nauna sa inyo upang kayo ay magkaroon ng takot (sa Allah).}** **[Qur'an 2 :183]**

Ang pag-aayuno ay gumigising sa diwa ng isang tao at binibigyan ng puwang ang pagsasanay sa isang pinagkaisahang (sama-samang) karanasan sa lahat ng lipunan sa magkatulad na oras kaya ito ay nagbibigay nang higit pang katatagan sa bawa't tao. Karagdagan pa rito, ang pag-aayuno ay naghahandog ng isang itinakdang panahon para sa pagod na katawan ng tao (na tila makinarya) na pansamantalang tumigil sa bilang ng isang buwan. Ang pag-aayuno ay nagbibigay paalala sa mga kapus-palad na Muslim na dumaranas ng kahirapan sa kanilang buhay. Kaya ang pag-aayuno ay nagtuturo kung paano maramdaman ang hirap na dinaranas ng iba, ang mga kapus-palad na kapatid sa Islam, kaya ito ang nag-aanyaya sa atin ng pagmamalasakit at kabaitan sa kanila.

Sa huli, dumako tayo sa paksang nauukol sa Hajj (ang paglalakbay sa Banal na Tahanan ng Allah sa Makkah). Itong mahalagang haligi ng Islam ay naglalarawan ng isang unikong pagkakaisa ng mga Muslim na humahawi nang anumang uri ng pagkakaiba na namamagitan sa kanila. Ang mga Muslim sa lahat ng panig ng mundo

1 **Sawm**. Ang pag-aayuno ay pag-iwas sa pagkain, pag-inom at pagkikipagtalik mula sa Adhan ng Salat Al-Fajr hanggang sa pagsapit ng takip-silim.

ay nakasuot ng magkakatulad na damit, tumatalima sa panawagan ng Hajj sa iisang tinig at iisang wika: LABBAIKA ALLAAHUMMA LABBAIK (Narito akong tumatalima sa Iyo O Allah, narito akong tumatalima sa Iyo). Sa panahon ng Hajj, sadyang mayroong mahigpit na pagsasanay para sa sariling disiplina at pagpipigil na hindi lamang mga sagradong gawain ang ipinagkakapuri kundi kahit na ang buhay ng mga halaman at ibon ay ipinag-utos na huwag patayin upang ang lahat ay mamuhay sa ligtas na kalagayan. Ang Hajj ay isang pagkakataon sa lahat ng Muslim mula sa lahat ng lipon, uri, pamayanan, at pamahalaan mula sa lahat ng lupalop ng mundo na magkatipun-tipon sa taunang Hajj upang humarap sa isang Dakilang Pagtitipon.

Kaya, ang pagsamba sa Islam, maging ito man ay ritwal o hindi ritwal ay nagsasanay sa bawa’t tao sa paraang higit niyang mamahalin ang kanyang Tagapaglikha at sa gayon ay matamo niya ang kapanatagan ng kalooban at pawiin ang lahat ng kasamaan at pang-aabuso mula sa lipunan ng tao at ibantayog ang Salita ng Allah sa buong mundo.

# ANG MGA YUGTO NG BUHAY

Sa Islam, ang yugto ng buhay ay malinaw, simple, at makatuwiran: una ay ang buhay sa mundong ito, ikalawa ay ang kamatayan, at pagkaraan ng kamatayan ay ang pagsapit ng Araw ng paghuhukom, at ang panghuli ay ang kabilang buhay na walang hanggan. Itinuturing ng Islam ang buhay sa mundong ito bilang isang pagsubok ng tao. Ang kamatayan ay isang kalagayang kahalintulad ng isang pamamahinga pagkaraan ng pagsubok (sa mundong ito). Ang Araw ng Paghuhukom ay kahalintulad ng araw ng pagpapahayag ng anumang naging bunga ng mga pagsubok. Ang ikalawang buhay ay ang panahon kapag ang bawa't tao ay masisiyahan o magdurusa mula sa naging bunga ng kanyang ginawa sa panahon ng pagsubok.

Sa ganitong yugto ng buhay, ang isang Muslim ay mayroong malinaw na layunin ng buhay. Ang isang Muslim ay nakababatid na siya ay nilikha ng Allah upang gugulin sa kabutihan ang kanyang makamundong buhay, at sa panahong ito, siya ay dapat sumamba at sumunod sa Makapangyrihang Diyos (Allah), sapagka't, siya ay papananagutin sa kanyang mga gawa, maging ito man ay hayag o nakakubli. Nababatid niya na ang kanyang mga

gawa sa mundong ito ay napakahalaga, sapagka't ito ang siyang batayan kung anong uri ng buhay ang kanyang hahantungan sa ikalawang buhay (kabilang buhay). Nalalaman ng Muslim na ang unang buhay (makamundong buhay) ay maikli lamang, samantalang ang ikalawang buhay ay walang hanggan.

# ANG WALANG HANGGANG BUHAY

Ang paniniwala sa kabilang buhay ay mayroong malaking kaugnayan para sa isang Muslim sa panahon ng kanyang makamundong buhay, sapagkat siya ay naniniwala na ang kanyang buhay sa mundo ay siyang magiging batayan ng kanyang ikalawang buhay. Ang paliwanag na ibinigay (o ipinag-anyaya) ng Islam tungkol sa kahalagahan, pangangailangan at pagkakaroon ng kabilang buhay pagkaraan ng kamatayan ay siyang likas na hinahanap ng moral na kaisipan ng tao. Kung walang **Buhay Pagkaraan ng Kamatayan**, ang paniniwala na mayroong Nag-iisang Makapangyarihang Diyos (Allah) ay walang halaga, at hindi makatarungan at tila Siya ay kakaibang Diyos na nilikha ang tao na walang hangarin sa kahihinatnan nito. Subali't, katiyakan, Siya ay Ganap na Makatarungan. Parurusahan Niya ang taong kriminal na nagkasala ng mga di-mabilang na kasamaan, pumatay ng daan-daang inosenteng tao, naghasik ng mga katampalasanan, kapalaluan, pang-aabuso, pang-aapi at katiwalian sa lipunan, umalipin ng maraming tao upang malasap lamang ang pansariling pagnanasa. At dahil sa pagkakaroon ng maikling panahon

ng buhay ng tao sa mundong ito at ang pisikal na mundong ito ay may hangganan (at maglalaho), ang parusa o gantimpala ng tao na katumbas ng kanyang kasamaan o kabutihan ay hindi posible dito sa mundong ito. Ang Banal na Qur'an ay nagpahayag na ang Araw ng Paghuhukom ay sadyang darating at ang Makapangyarihang Diyos (Allah) ay magpapasiya tungkol sa kahihinatnan ng bawa't kaluluwa ayon sa kanyang talaan ng mga gawa.

Dahil sa paniniwala sa kabilang buhay at sa Araw ng Paghuhukom, ang buhay ng isang Muslim ay nagiging makabuluhan at makahulugan. Ang pinakamahalagang layunin sa buhay ng Muslim ay ang makamit niya ang walang hanggang buhay (sa Paraiso) sa pamamagitan ng paggawa ng mga kabutihan.

Sa madaling salita, ang permanenteng layunin ng isang Muslim ay ang pagsamba sa Dakilang Allah, pagtalima sa Kanya, pagsasakatuparan ng Kanyang mga kautusan, at patuloy na pakikipag-ugnayan sa Kanya sa pamamagitan ng pagdarasal (limang ulit sa maghapon), ng pag-aayuno (isang buwan sa isang taon), ng kawanggawa (sa takdang panahon nito), at ng Hajj (minsan sa tanan ng buhay) at marami pang kapuri-puri at kasiya-siyang uri ng pagsamba. Ito ang layuning may hangaring matamo ang walang hanggang ligaya sa Paraiso.

Inililigtas ng Islam ang Muslim mula sa pagtatanong kung ano ang permanenteng layunin, sapagka't binibigyang-linaw ng Islam para sa Muslim, mula sa simula ang permanenteng layunin ng Muslim sa buhay na ito upang matamo ang kaligayahan sa kabilang buhay - ang Paraiso.

Dapat nating malaman na ang tanging kaligtasan sa buhay na ito at sa kabilang buhay ay ang kilalanin ang tunay nating Panginoong Allah na Siyang lumikha sa atin, na maniwala sa Kanya, at sumamba sa Kanya (tanging sa Kanya lamang). Ito ang dakilang layunin ng tao.



# SAMBAHIN AT MAGBALIK-LOOB KA SA IYONG TAGAPAGLIKHA (ALLAH)

Sa mga minamahal kong mambabasa, tayo ay nabubuhay sa mundo ng pakikibaka at pagsusumikap, nguni't sa ating kalooban posibleng makamtan natin ang katiwasayan at kapayapaan ng puso, kapayapaan sa kapaligiran sa mundo na ating kinabibilangan.

Hindi pa huli ang lahat, may sapat pang panahon para hanapin ang katotohanan sa pamamagitan ng Islam, buksan mo ang iyong puso at isip, at bigyan mo ng pagkakataon ang iyong sarili na pag-aralan ang magagandang aral ng relihiyong Islam, sapagka't ito ay naghahandog sa tao ng tamang patnubay tungo sa kaligtasan.

Halinang magbalik-loob sa ating Panginoon (ang Allah), bigyang pagpapahalaga ang Kanyang mga kautusan, ipagkaloob sa Kanya ang kaukulang pagsamba, papuri, at pagpaparangal. Magsagawa ng mabubuting gawain sa pamamagitan ng kawanggawa, pagdarasal, pag-aayuno, maging mabait sa mga magulang, kamag-anak, kapitbahay, kapwa-tao at maging sa mga hayop. Makipagtulungan sa

anumang kabutihan ng lipunan at sangkatauhan. Labanan ang kasamaang dulot ng maling paniniwala, pamahiin at kaugalian upang ating makamit ang dakilang layunin ng buhay na itinatagubilin ng Dakilang Allah sa atin.

Ating paghandaan ang kabilang buhay, sapagka't ang buhay sa mundong ito ay paghahanda lamang para sa walang hanggang buhay pagkaraan ng kamatayan. Yaong mga nagtatakwil o walang paniniwala tungkol dito ay nagmistulang alipin ng kanilang sariling pagnanasa, kanilang nababatid lamang ang kanilang kamalian sa oras ng kanilang kamatayan at nagsisisi at nagnanais na sila ay magkaroon pa ng isang pagkakataon upang mabuhay muli. Ang kanilang kalagayan sa oras ng kamatayan ay sadyang napakasama, at maging ang Araw ng Paghuhukom ay kakila-kilabot. Ito ay isinalaysay ng Banal na Qur'an:

**{Hanggang, kapag ang kamatayan ay dumating sa isa sa kanila, siya ay magsasabing: "Aking Panginoon, ako ay ibalik (Mong) muli (sa mundo), Upang sakali ako ay makagawa ng gawaing matuwid na aking nakaligtaan." Hindi! Ito ay isang salita lamang na namumutawi (sa kanyang bibig); at sa kanilang likuran ay isang pagitan (ang Barzakh) hanggang sa Araw na sila ay bubuhaying muli. Kaya, kapag ang tambuli ay hinipan, wala nang ugnayan ang mamamagitan pa sa kanila (bilang kamag-anakan) sa araw na iyon, at wala nang magtatanungan pa sa kanila (tungkol sa isa't isa)}. [Qur'an 23:99-101]**

# ANG HULING PANANALITA

Kailanman ay hindi mo madarama ang ligayang hinahanap ng iyong kaluluwa hanggang hindi mo nauunawaan ang tunay na layunin ng iyong pagkakalikha. At hindi mo magagawang abutin ang pinakamataas na antas ng karunungan, ng katwiran at ng kapayapaan na kinasasabikan ng iyong puso hanggang hindi mo naisasakatuparan ang layuning ito - ang pagsamba sa iyong Tagapaglikha.

Walang sinuman sa mundong ito ang hindi naghahangad ng tunay na ligaya at kapayapaan. Ito ay hindi isang paghahangad na bago sa ating panahon bagkus ito ay isang bagay na hinahanap ng bawa't isa sa mahabang panahon.

Gumawa ang karamihang tao ng iba't ibang pamamaraan sa pagtatangkang makamtan ang kapayapaan. Ang iba ay sa pamamagitan ng pagpaparami ng kayamanan, ang iba ay sa pamamagitan ng paggamit ng bawal na gamot, o ng musika, ng kanilang mga propesyon o sa mga material na tagumpay ng kanilang mga anak.

Nguni't sa kabila nito, ang paghahanap ng kapayapaan ay patuloy. Sa ating makabagong panahon, pinaniwalaan natin na ang makabagong teknolohiya ay magbubunga

para sa atin ng pisikal na kasiyahan at sa pamamagitan nito ay makakamit ang kapayapaan.

Katotohanan, ang mundong ito ay nilikha para sa layunin ng pagsamba at ito ang tanging nagsisilbing paraan upang makamtan ang tunay na kapayapaan ng buhay. Ito ang sinabi Niya sa Banal na Qur'an:

**{Yaong mga naniwala at panatag ang kanilang mga puso sa pamamagitan ng pag-alaala sa Allah. Walang alinlangan, matatagpuan sa pag-alaala sa Allah ang kapanatagan ng mga puso}. [Qur'an 13:28]**

Kaya, sa pag-aalaala sa Allah lamang matatagpuan ng puso ang kapanatagan (at katiwasayan). Ito ang tunay na kapayapaan.

**{At magsagawa ng pagdarasal para sa Aking pag-aalaala…}. [Qur'an 20:14]**

Lahat ng ating ginagawa (sa Islam) ay nakaugnay sa pag-aalaala sa Allah bilang Kanyang alipin. Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

**{Sabihin (O Muhammad): Katotohanan, ang aking pagdarasal, ang aking pagsasakripisyo, ang aking buhay at kamatayan ay para sa Allah, ang Panginoon ng lahat ng mga nilikha}. [Qur'an 6:162]**

Kaya ito ang paraan upang makamit ang kapayapaan, ang alalahanin ang Allah sa lahat ng aspeto ng ating pamumuhay.

Huwag kalilimutan na anumang oras ngayon, sinuman sa atin ay maaaring mamatay at maaaring wala nang isa pang pagkakataon na maituwid ang mga kasalanang ating nagawa. Kaya, sa dahilang ito, kailangan magbalik-loob at magsisisi kasabay ng patuloy na paghingi ng kapatawaran at manatiling sumasamba sa Kanya bilang pangunahing pagsunod sa mga ipinag-uutos ng Allah sa atin.

Si Ibn Al-Qayyim ay nagsabi: **"Ang pinakadakilang paraan upang matamo ang kaligayahan ay sa pamamagitan ng Tawheed (Pagsamba sa Nag-iisang Diyos)." Hinango mula sa Al-Wasail al-Mufeedah lil Hayat al-Sa`iedah ni Shaikh Abdul Rahman ibn Sa`di.**

Si Ibn Taimiyyah (Nawa'y kahabagan siya ng Allah) ay nagsabi: **"Kahit na matamo ng puso ang lahat ng kasiyahan mula sa mga bagay sa mundong ito, hindi kailanman maramdaman nito ang kapayapaan at kapanatagan ng loob, sapagka't ang puso ay mayroong likas na pangangailangan para sa Panginoon nito, sapagka't Siya ang pinaglalaanan ng pagsamba, pagmamahal at paghahanap, at ito (ang pagsamba) ang siyang tanging daan upang makamit ang ligaya, kasiyahan, at kapanatagan ng buhay."**

IslamHouse.com

IslamHouseTl islamhouse.com/tl/ islamhouse.com/tl/

user/IslamHouseTl

For more details visit
www.GuideToIslam.com

GUIDE TO ISLAM


contact us :Books@guidetoislam.com

GuidetoIslam.org Guidetoislam1 Guidetoislam www.Guidetoislam.com

المكتب التعاوني للدعوة وتوعية الجاليات بالربوة
هاتف: ٩٦٦١١٤٤٥٤٩٠٠+ فاكس: ٩٦٦١١٤٩٧٠١٢٦+ ص ب: ٢٩٤٦٥ الرياض: ١١٤٥٧
ISLAMIC PROPAGATION OFFICE IN RABWAH
P.O.BOX 29465 RIYADH 11457 TEL: +966 11 4454900 FAX: +966 11 4970126

# ANG LAYUNIN SA PAGLIKHA NG TAO

Isang mahalagang aklat tungkol sa layunin ng paglikha sa tao sa wikang Filipino, malinaw na ipinaliwanag ng may-akda sa aklat na ito kung ano ang pinakalayunin ng Allah sa paglikha sa tao na siyang pagsamba lamang sa Kanya- Ang Nag-iisa-, ang layunin ng paglikha ay dapat malaman ng bawa't isa lalung-lalo na ang mga hindi Muslim.




IslamHouse.com
Osoul Center
www.osoulcenter.com